
# Paghahanap sa Nakasalamuha para sa COVID-19

# Ano ang tatanungin nila sa akin?



## Nasuring positibo ako sa COVID-19

1. Kumpirmahin ang iyong pangalan, address, petsa ng kapanganakan, at lahi/etnisidad.
2. Sa palagay mo, saan at kailan ka nalantad sa COVID-19?
3. Saan ka pumunta noong panahong nakakahawa pa ang iyong sakit?
4. Mangyaring sabihin ang mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga taong nagkaroon ka ng malapit na pakikisalamuha kamakailan.

## Nakasalamuha ko ang isang taong nasuring positibo para sa COVID-19

1. Kumpirmahin ang iyong pangalan, address, petsa ng kapanganakan, at lahi/etnisidad.
2. Mayroon ka bang mga sintomas ng COVID-19?

## Ang tagapanayam ay **HINDI**

- Magtatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.
- Magtatanong tungkol sa iyong social security number.
- Magtatanong tungkol sa iyong pinansiyal na impormasyon.
- Magsasabi sa iyo kung sino ang maaaring naglantad sa iyo sa COVID-19.

**Kapag tapos na ang panayam, iuugnay ka ng tagapanayam sa mga mapagkukunan at bibigyan ka niya ng impormasyon tungkol sa kung ano ang susunod na gagawin.**

**Tandaan:** Boluntaryo ang iyong pakikilahok. Kumpidensiyal ang lahat ng impormasyong ibibigay mo at protektado ng batas ang iyong medikal na impormasyon. Mayroong mga available na interpreter.

Bumisita sa **DOH.WA.GOV/Coronavirus** para sa higit pang impormasyon.
Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127.
Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov

Washington State Department of Health

DOH 820-092 August 2020
Tagalog